FG2GF

DENŸ

Sampung daliri sa iyong mukha
Habang iyo'y balat sa'king hita
Bigat ng hininga'y damang-dama
Ibulong mga sikreto sa tenga
Hindi ko inasahang darating sa ganitong yugto
Dating tinuring na maharlika, 'singtayod ng santo
Problema'y kalimutan, ang sikmura'y puro paruparo
Aking sansinubukan, mas mahalaga ka sa ginto

Lahat ng takot ko ay binura
Ang alon ng kaba'y pinakalma
Akalang 'di ka matatama
Pinatunayan ng mundo na tayo ring dalawa

(Oh, woah) Dating nakaw lang ang tingin
(Oh, woah) Ngayon sa'kin tanging tingin
(Oh-oh, oh) Sagot aking dalangin
F-G-2-G-F, wala nang what if, what if
(Oh, woah) Dating nakaw lang ang tingin
(Oh, woah) Ngayon sa'kin tanging tingin
(Oh-oh, oh) Sagot aking dalangin
F-G-2-G-F, wala nang what if, what if

Pangalan mo'y hindi na mabura
Sa isipan at mga salita, yeah
Mukha't kaanyua'y nakapinta
Katauhan mo sa'ki'y nakaburda, yeah
Katha ni Bathalang maging akin ka
Langit at daigdig ipinagkaisa
Paraiso ay kung nasaan ka
'Kaw ang aking tanging lunas

Lahat ng takot ko ay binura
Ang alon ng kaba'y pinakalma
Akalang 'di ka matatama
Pinatunayan ng mundo na tayo ring dalawa

(Oh, woah) Dating nakaw lang ang tingin
(Oh, woah) Ngayon sa'kin tanging tingin
(Oh-oh, oh) Sagot aking dalangin
F-G-2-G-F, wala nang what if, what if
(Oh, woah) Dating nakaw lang ang tingin
(Oh, woah) Ngayon sa'kin tanging tingin
(Oh-oh, oh) Sagot aking dalangin
F-G-2-G-F, wala nang what if, what if

Tištěno z pisnicky-akordy.cz

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!